
2

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pagbasa ng mga Salita sa Paligid



ALTERNATIVE DELIVERY MODE

ADM



PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino – Ikalawang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pagbasa sang mga Salita sa Paligid**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang bahagi ng modyul na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Arceli V. Balmeo |
| **Mga Editor:** | Cristina S. Chioco, Marie Ann C. Ligsay |
| **Tagasuri:** | Arnold S. Galvez, Mark G. Asuncion |
| **Tagaguhit:** | Rodelito I. Facun Jr. |
| **Tagalapat:** | Karl Edrian Abendaño, Eljun A. Calimpusan |
| **Tagapamahala:** | Nicolas T. Capulong, Librada M. Rubio, Ma. Editha R. Caparas, Nestor P. Nuesca, Jayne M. Garcia, Beverly T. Mangulaban Cristina S. Chioco |

**<u>Inilimbag sa Rebublika ng Pilipinas ng Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon III</u>**

Office Address: Matalino St., Diosdado Macapagal Government Center, Maimpis, City of San Fernando (P)
Telefax: (045) 598-8580 to 89
E-mail Address: region3@deped.gov.ph

# 2

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 7: Pagbasa ng mga Salita sa Paligid

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kanikanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pagunawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

# *Alamin*

Kumusta na mahal kong kaibigan, kasama ang iyong tagapaggabay? Batid kong marami na kayong natutuhan sa mga nakalipas na aralin, pero alam kong mas lalawak ang iyong karunungan pagkatapos ninyong mapagtagumpayan ang mga hamong nakapaloob sa bagong araling ito. Ako si Kokoy, ang inyong makakasama hanggang sa dulo nito.

Ang modyul na ito ay inihanda upang matulungan kang unawain ang mga araling tinatalakay sa Filipino 2 na naglalaman ng aralin tungkol sa pagbasa sa mga salita sa paligid

Pagkatapos ng modyul na ito, ikaw ay inaasahang makababasa ng mga salita sa unang kita (F2PP-IIe-2.2).

# *Subukin*

Gabay ng Magulang/ Guro:

Sabihin:


Pagmasdan ang mga larawan habang binabasa natin ang mga sumusunod na babala. (Sa mga batang hindi pa gaano marunong magbasa)

## Gawain ng Mag-aaral:

- Maaaring sabayan ang tagagabay sa pagbabasa o pagmasdan ang larawan upang masundan ang gawain.


**Panuto**: Suriing mabuti ang mga larawan. Piliin ang angkop na babala sa mga ito. Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1.




A. Dito ang tamang daan.
B. Bawal umakyat sa puno.
C. Dahan-dahan sa paglakad.
D. Bawal pumitas ng bulaklak sa parke

2.




A. Bawal umakyat sa pader.
B. Huwag susulatan ang bakod.
C. Iwasang pumasok kung walang kailangan.
D. Panatilihing malinis ang ating parke.

3.




A. Bawal maglakad.
B. Bawal pumitas ng bulaklak sa parke.
C. Iwasan ang pagsulat sa pader o bakod.
D. Iwasan ang pagtapak at pagsira sa mga halaman.

4.



A. Bawal umakyat sa puno.
B. Huwag susulatan ang pader.
C. Huwag pumitas ng bulaklak sa parke.
D. Iwasan ang pagtapak sa mga halaman.

5.




A. Itapon ang mga basura sa tamang basurahan.
B. Huwag susulatan ang basurahan.
C. Panatilihing malinis ang basurahan.
D. Iwasang magtapon ng mga basura.

| Aralin 1 | Pagbasa sa mga Salita sa Unang Kita |
|---|---|

Kadalasan, may mga nakikita tayong mga nakapaskil sa mga pampublikong lugar lalong-lalo na sa mga parke, sasakyan, palengke, at maging sa mga lugar kung saan may ipinapatayong mga gusali. Ang mga nababasa nating ito sa unang kita pa lamang natin, na maaaring babala o paalala ay nagbibigay sa atin ng ideya kung ano ang dapat nating gawin. Kaya dapat tayong maging mapagmasid at palabasa sa anumang nakikita natin sa ating paligid.

Halimbawa:

1. Mag-ingat sa aso.
2. Madulas ang daan.
3. Bawal bumusina.

## *Balikan*

Gabay ng Magulang/ Guro:

Sabihin:

Babasahin natin ang kasunod na kaalaman upang may bago tayong matutuhan.

Gawain ng Mag-aaral:

Maaaring sabayan ang tagagabay sa pagbabasa. (para sa mag-aaral na hindi pa gaano marunong magbasa).

**Panuto**: Basahin at unawain ang kasunod na sawikain. Ipahayag ang iyong sariling ideya, damdamin, o reaksiyon tungkol dito. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

> "Ang bilin ni Inay ay kumain ng gulay,
> Laging nakahain at masarap na tunay,
> Mabubusog, lulusog kung laging kasabay,
> Si Tatay, Kuya, Ate at lalo na si Inay."

1. Sariling ideya: ________________________________
2. Damdamin: ________________________________
3. Reaksiyon: ________________________________

## *Tuklasin*

Sabay nating tuklasin ang mga kaalamang nakapaloob sa mga kasunod na mga bahagi ng modyul na ito.

**Gabay ng Magulang/Guro**:

- Maghanda ng larawan ng mga sumusunod:

1. Tumawid sa tamang tawiran.



2. Mag-ingat sa aso.





3. Basa ang sahig.




4. Nakasuot ng face mask.



5. Nakatayo sa daang may **footmarks.**



6. Naghuhugas ng kamay.



**Gawain ng Mag-aaral:**

Pagmasdang mabuti ang mga inihandang larawan ng iyong tagapaggabay. Makatutulong ang mga ito upang higit mong maunawaan ang leksiyon.

Kadalasan, may mga nakikita tayong mga nakapaskil sa mga pampublikong lugar lalong-lalo na sa mga parke, sasakyan, palengke, at maging sa mga lugar kung saan may ipinapatayong mga gusali. Ang mga nababasa nating ito sa unang kita pa lamang natin, na maaaring babala o paalala ay nagbibigay sa atin ng ideya kung ano ang dapat nating gawin. Ang **babala** ay inilalagay upang malayo tayo sa sakuna o pinsalang maaaring maidulot ng isang bagay o pangyayari.

Halimbawa:

1. Tumawid sa tamang tawiran
2. Mag-ingat sa aso
3. Basa ang sahig.



Samantala, ang paalala ay ginagamit upang bigyang-diin ang mahahalagang impormasyon na ipinatutupad.

Halimbawa:

1. Isuot ang **facemask** bago pumasok.
2. Manatili sa tamang daan.
3. Palaging maghugas ng mga kamay.

Ilan lamang ang mga ito sa mga salitang una nating nakikita sa ating paligid na dapat basahin, unawain at sundin.

**Panuto**: Basahin ang mga paalala at babala na nasa **Hanay A** at piliin ang tamang larawan na nasa **Hanay B.** Isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

| Hanay A | | Hanay B |
|---|---|---|
| 1. Bawal manigarilyo rito | A. |   |
| 2. Pumila nang maayos. | B. |   |
| 3. Huwag maglaro sa damuhan | C. |   |
| 4. Dito ang sakayan at babaan | D. |   |
| 5. Mag-ingat sa aso | E. |   |

## Suriin

**Gabay ng Magulang/ Guro:**

- Ipaliwanag sa bata kung paano gawin ang bahaging ito. Maaari pa ring magbigay ng tugon ang mga bata sa paraang pasalita kapag hindi pa niya kayang isulat ang kaniyang sagot.


**Gawain ng Mag-aaral:**

- Sagutin ang gawain sa pamamagitan ng pagsulat o pagsasabi nito.


**Panuto:** Tukuyin kung paalala o babala ang sumusunod. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

1. 


_____________________________

2. 

_____________________________

3. 


______________________________

4. 


______________________________

5. 


______________________________

*Mga Tala para sa Tagapagdaloy*

Ipaliwanag nang mabuti ang nasa bahaging Suriin. Magbigay ng iba pang halimbawa. Pagbigayin rin ng halimbawa ang mag-aaral. Pagkatapos, ipagawa ang kasunod na mga pagsasanay o gawain

# *Pagyamanin*

**Gabay ng Magulang/ Guro**:

- Ipaliwanag sa bata kung paano gawin ang bahaging ito. Maaari pa ring magbigay ng tugon ang mga bata sa paraang pasalita kapag hindi pa niya kayang isulat ang kaniyang sagot.

**Gawain ng Mag-aaral:**

- Sagutin ang gawain sa pamamagitan ng pagsulat o pagsasabi nito.

Pag-aralan ang mga **babala** o **paalala** na madalas mabasa sa paligid at kung saan ito maaaring makita. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

**Pinatnubayang Pagsasanay 1**

**Panuto**: Basahin at unawain ang mga babala o paalala na madalas mabasa sa paligid at kung saan ito maaaring makita. Piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Bawal umakyat sa puno.

   A. Mababasa ito sa **mall.**
   B. Mababasa ito sa bukid.
   C. Mababasa ito sa ospital.
   D. Mababasa ito sa paralan.

2. Bawal ang maingay.

A. Mababasa ito sa daan.
B. Mababasa ito sa tindahan.
C. Mababasa ito sa palengke.
D. Mababasa ito sa silid-aklatan.

3. Mag-ingat sa aso.

A. Mababasa ito sa harapan ng bahay.
B. Mababasa ito sa harapan ng ospital.
C. Mababasa ito sa harapan ng paaralan.
D. Mababasa ito sa harapan ng simbahan.

4. Bilangin ang pera bago umalis.



A. Mababasa ito sa loob ng daan.
B. Mababasa ito sa loob ng parke.
C. Mababasa ito sa loob ng bangko.
D. Mababasa ito sa loob ng silid-aklatan.

5. Bawal pumitas ng bulaklak.

A. Mababasa sa *gate.*
B. Mababasa ito sa parke.
C. Mababasa ito sa bangko.
D. Mababasa ito sa palengke.


Pinatnubayang Pagtatasa 1

**Panuto**: Basahin at tingnan mabuti ang mga larawan ng babala o paalala sa **Hanay A** at ang ibig sabihin nito sa **Hanay B.** Isulat ang tamang letra sa sagutang papel.


| Hanay A | Hanay B |
| --- | --- |
| 1.  | A. Panlalaki |
| 2.  | B. Bawal magkalat dito. |
| 3.   | C. Pambabae |
| 4.  | D. Tamang tawiran |
| 5.  | E. Maglakad ng marahan |

## Pinatnubayang Pagsasanay 2


**Panuto:** Pag-aralan ang bawat larawan at kung ano ang ipinapahiwatig nito. Piliin at isulat ang letra ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. 

A. Pook Kainan
B. Pook Pasyalan
C. Pook Tambayan
D. Pook Pagamutan

2. 

A. Para sa lalaki
B. Para sa babae
C. Para sa alagang hayop.
D. Para sa may kapansanan.

3. 

A. Para sa lalaki
B. Para sa babae
C. Para sa alagang hayop.
D. Para sa may kapansanan

4. 

A. Para sa lalaki
B. Para sa babae
C. Para sa alagang hayop.
D. Para sa may kapansanan.

5. 

A. Bawal ang radyo
B. Bawal ang laptop.
C. Bawal ang telebisyon
D. Bawal ang *cellphone*.

Malayang Pagsasanay 1

Gabay ng Magulang/ Guro:

Sabihin: May mga pagsasanay tayong dapat pagdaanan. Maaari kang magtanong sa akin kung hindi mo pa kayang sagutin ang mga gawain nakapaloob dito.

Gawain ng Mag-aaral:

- Sagutin ang gawain sa pamamagitan ng pagsulat o pagsasabi nito. (Magpatulong sa tagapaggabay kung hindi mo kayang isulat ang iyong sagot.)

Panuto: Basahin ang mga babala o paalala na nababasa sa paligid. Lagyan ng katumbas na kahulugan ang mga ito at isulat sa loob ng kahon ang iyong sagot. Gayahin ang porma sa sagutang papel.

1. Bawal umihi rito.

Kahulugan: ________________________________
________________________________________

2. Huwag magtulakan.

Kahulugan: ________________________________
________________________________________

3. Bawal magtinda dito.

Kahulugan: ________________________________
________________________________________

4. Bawal maghabulan sa daan.

| Kahulugan: ___________________________________ |
|---|
| ________________________________________________ |

5. Huwag mag-ingay sa silid-aklatan.

| Kahulugan: ___________________________________ |
|---|
| ________________________________________________ |

## Malayang Pagtatasa 1

**Gabay ng Magulang/ Guro**:

- Ipaliwanag sa bata kung paano gawin ang bahaging ito. Maaari pa ring magbigay ng tugon ang mga bata sa paraang pasalita kapag hindi pa niya kayang isulat ang kaniyang sagot.

**Gawain ng Mag-aaral:**

- Sagutin ang gawain sa pamamagitan ng pagsulat o pagsasabi nito.

**Panuto**: Basahin ang mga sumusunod na pahayag. Tukuyin kung ito ay **paalala** o **babala.** Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

__________1. Bawal mangisda rito.
__________2. Tumayo ng matuwid.
__________3. Huwag harangan ang daan.
__________4. Mag-ingat sa aso.
__________5. Dahan-dahan sa paglakad.

## Malayang Pagtatasa 2

**Panuto:** Sumulat ng paaala o babala batay sa mga larawan. Isulat ang sagot sa sagutang papel.


1. 

_______________

2. 

_______________

3. 


4. 

_______________

5. 

_______________

## Malayang Pagtatasa 3

**Panuto:** Basahin ang sumusunod na pahayag. Isulat ang letrang **P** kung paalala at letrang **B** kung babala. Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

________1. Pumila ng maayos.
________2. Maghugas mabuti ng kamay.
________3. Dito ang sakayan at babaan.
________4. Bawal pumarada rito.
________5. Huminto kapag pula ang ilaw

## *Isaisip*

**Panuto**: Piliin sa loob ng kahon ang tamang sagot at punan ng wastong sagot ang mga patlang.
Isulat ang tamang sagot sa sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| babala | paalala | pampubliko |

Kadalasan, may mga nakikita tayong mga nakapaskil sa mga 1) ________ lugar lalong-lalo na sa mga parke, sasakyan, palengke, at maging sa mga lugar kung saan may ipinapatayong mga gusali. Ang mga nababasa nating ito sa unang kita pa lamang natin, na maaaring babala o paalala ay nagbibigay sa atin ng ideya kung ano ang dapat nating gawin. Ang 2) ________ ay inilalagay upang malayo tayo sa

sakuna o pinsalang maaaring maidulot ng isang bagay o pangyayari.

Samantala, ang 3) __________ ay ginagamit upang bigyang-diin ang mahahalagang impormasyong ipinatutupad.

Halimbawa, kapag may nabasa kang “Takpan ang bibig kung uubo.”, ito’y isang 4) _______. Kapag may nabasa ka naming “Bawal pumasok ang hindi taga-rito.”, ito’y isang 5) ________.

## *Isagawa*

**Panuto**: Iguhit sa loob ng kahon ang nababasa at nakikita mong paalala o babala sa paligid. Gawin sa sagutang papel.

1.

Bawal magtapon ng basura sa ilog.

2.

Bawal bumusina sa harap ng simbahan.

3.

Magtanim ng maraming puno.

4.

Bawal tumawid dito.

5.

Magsipilyo ng ngipin.




# *Tayahin*


**Panuto**: Sumulat ng paaala o babala batay sa nasa larawan. Gawin sa sagutang papel.

1. 


_______________________

2. 

_______________________

3. 

_______________________

4. 



_______________________

5. 

_______________________

## *Karagdagang Gawain*

**Gabay ng Magulang/ Guro:**

- Ipaliwanag sa bata kung paano gawin ang bahaging ito. Maaari pa ring magbigay ng tanong ang mga bata sa paraang pasalita kapag hindi pa niya kayang isulat ang kaniyang sagot. (Sikaping magabayan ang mag-aaral na maisagawa ang gawain.)

**Gawain ng Mag-aaral:**

- Sagutin ang gawain sa pamamagitan ng pagsulat o pagsasabi nito.

**Panuto**: Magmasid sa iyong paligid o manood ng telebisyon. Sumulat ng limang (5) paalala o babala na iyong makikita/mapapanood. Gawin sa sagutang papel.

1. ________________________________
2. ________________________________
3. ________________________________
4. ________________________________
5. ________________________________

Oh, hindi ba? Magaling ka at natapos mo ang lahat ng mga gawain sa modyul na ito. Sige hanggang sa susunod na modyul. Kita-kits tayo.

# Susi sa Pagwawasto

**Malayang Pagsasanay 1**
**Kahulugan (Posibleng sagot)**
1. Hindi palikuran ang bakod
2. Maaaring magkasakitan
3. Ang paaralan ay hindi palengke
4. Maaaring makaistorbo sa iba
5. May posibilidad na maaksidente

**Malayang Pagtatasa 1**
1. babala
2. paalala
3. paalala
4. paalala
5. paalala

**Malayang Pagsasanay 2**
(Posibleng sagot)
1. Bawal ang cellphone.
2. Dito itapon ang basura.
3. Bawal manigarilyo
4. Maghugas ng kamay
5. Bawal paglaruan ng bata.

**Malayang Pagsasanay 2**
1. P
2. B
3. B
4. B
5. P

**Pagyamanin**
**Pinatnubayang Pagsasanay 1**
1. D
2. D
3. C
4. B
5. A

**Pinatnubayang Pagtatasa 1**
1. C
2. D
3. E
4. A
5. B

**Pinatnubayang Pagsasanay 2**
1. D
2. B
3. A
4. D
5. D

**Pinatnubayang Pagtatasa 2**
**Kahulugan (Posibleng sagot)**
1. c
2. d
3. e
4. a
5. b

**Suriin**

1. Bawal mag-ingay.
2. Pumila ng maayos.
3. Itapon ang basura sa tamang basurahan.
4. Bawal pumitas ng bulaklak.
5. Tumawid sa tamang tawiran.

**Tuklasin**
1. e
2. c
3. b
4. a
5. d

**Balikan**
(Posibleng sagot)
1. Ideya: Importante ang kumaing ng gulay.
2. Damdamin: Masaya kapag sabay-sabay na kumakain ang pamilya
3. Reaksiyon:Ang kalusugan ay kayamanan

**Subukin**
1. B
2. D
3. C
4. D
5. A

| | |
|---|---|
| Tayahin<br>(Posibleng sagot)<br>1. Tumawid sa tamang tawiran.<br>2. Lugar ng pagamutan.<br>3. Pumila ng maayos.<br>4. Bawal pumutol ng puno.<br>5. Bawal paglaruan ang apoy. | Isaisip<br>1. pampubliko<br>2. babala<br>3. paalala<br>4. paalala<br>5. babala<br>Isagawa<br>(Iguguhit ang sagot) |

# *Sanggunian*


Datuin, Frances. 2014. "Mga Babala. Edtech 2". Slideshare.Net. https://www.slideshare.net/francesdatuin/mga-babala-edtech-2.

Department of Education. 2020. "Most Essential Learning | Search Results | Department of Education". Deped.Gov.Ph. Acessed date July 31, 2020 https://www.deped. gov.ph/?s=most +essential+learning.

DepEd Order No 30, s. 2019. 2020. The Department of Education Manual of Style. Ebook. Pasig City: Public Affairs Service-Publications Division Department of Education Central Office. Accessed July 10, 2020. https://www.deped.gov. ph/wp-content/uploads/2019/10/DO_s2019_030-2.pdf.

Garcia, Nilda, et.al. 2013. Ang Bagong Batang Pinoy 2. 1st ed. Pasig City: DepEd-IMCS.

Lalunio, Lydia. 2020. Bagong Filipino Tungo Sa Globalisasyon 2. Vibal Publishing.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph